REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

Direct Line: 687-2922 / 687-4177
E-Mail: osec@deped.gov.ph.
Website: http://www.deped.gov.ph

JUN 30 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 205, s. 2003

PAMBANSANG SEMINAR SA WIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor na Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino (PSLF), sa pakikipag-ugnayan sa Central Luzon State University at Universidad ng Makati, at sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, ay magtataguyod ng Pambansang Seminar sa Filipino na may paksang **"Palit-Lipat Paradaym sa Pagkatuto at Pagtuturo ng Wika at Panitikan"**. Ito ay gaganapin sa sumusunod na mga lugar at petsa:

Central Luzon State University, Science City of Munoz
(Nueva Ecija) sa Agosto 7-9, 2003
Universidad ng Makati, Lungsod ng Makati
sa Agosto 20-22, 2003.

2. Pagkatapos ng seminar, ang mga kalahok ay inaasahang:

a. Magkakaroon ng kaalaman sa iba't ibang teorya at simulain sa pagbuo ng binagong kurikulum sa Filipino;
b. Masusuri ang sariling kahandaan sa pagpapatupad ng binagong kurikulum sa Filipino;
c. Mabibigyan ng linaw ang mga isyung pangwika kaugnay ng pagpapatupad ng kurikulum; at
d. Makabubuo ng sariling paradaym para sa pag-iimplementa ng kurikulum.

3 Ang mga Panrehiyon/Pansangay na Superbisor sa Filipino, Tagapag-ugnay/Tagapangulo ng sa Wikang Filipino at mga kinatawan ng mga paaralang elementarya, sekundarya, at tersyarya pribado man o publiko ay maaring dumalo sa **opisyal na oras lamang.**

4. Para matiyak ang bilang ng ihahandang pagkain, kit, at handouts, mangyaring magpadala ng reserbasyon bago dumating ang Hulyo 28, 2003 sinuman kina:

Dr. Candelaria Cui-Acas
Direktor Tagapagpaganap, PSLF
S/p Komisyon sa Wikang Filipino
Watson Bldg., 1610 JP Laurel
Malacanang Palace Complex
San Miguel, Maynila

Dr. Teresita F. Fortunato
Pangalawang Pangulo, PSLF
Ko-Direktor ng Seminar
De La Salle, Taft, Maynila

5. Sa mga nagnanais tumigil sa dormitoryo ng CLSU, mangyaring ipadala ang inyong reserbasyon nang mas maaga kay:

Dean Marilou Abon
Kolehiyo ng mga Sining at Agham
Central Luzon State University
Science City of Munoz (Nueva Ecija)

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Nanunungkulang Kalihim

Sally/DepedMemoPambansangseminarsawikangfil.
5-20-03
Sanggunian: W a l a
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS